JUNE 2023 ISSUE

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus




## ANABU MODULAR TREATMENT PLANT NG MAYNILAD, OPERATIONAL NA

ANABU, Imus — Sa layuning madagdagan ang suplay ng tubig sa Imus, inisyal nang pinagana ng Maynilad ang bago nitong Anabu Modular Treatment Plant (ModTP) na nagkakahalagang P2.12 bilyong sa lungsod ng Imus ngayong Hunyo 2023.


**SOCIAL SERVICES** | Page 2
*Modular Treatment Plant ng Maynilad

**BUSINESS** | Page 3
* Sectoral Dialogue para mga negosyo sa Imus

**PRIDE MONTH** | Page 4
* Imus Pride Celebration 2023

**ENVIRONMENT** | Page 5
* World Environment Day at Philippine Environment Month

**HEALTH** | Page 6
* Imuseñong Chikiting Ligtas

**TOURISM** | Page 7
* Flag Burning Ceremony

**SPORTS** | Page 8
* 1st Congressman AJ Cup Inter-Cluster Basketball Tournament



***Mula sa Pahina 1***

Ayon sa pahayag ng Maynilad, nakatakda itong magsuplay ng 16 million liters per day (MLD) sa humigit-kumulang 114,900 kabahayan sa ganap na pagpapatakbo nito.

Sa ngayon, 5.5 MLD pa lamang ang naisusuplay sa humigit-kumulang 13,000 pamilya.

Dagdag pa ng kumpanya na ang suplay ng tubig na dumadaloy sa Anabu ModTP ay nanggagaling sa Ilog ng Imus na sakop ng Barangay Anabu.

Isa lamang ang Anabu ModTP sa mga itinatayong pasilidad ng Maynilad sa lalawigan ng Cavite. Ang pagpapatayo nito ay bunga rin ng pakikipagtulungan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus upang masolusyonan ang lumalalang kakulangan sa suplay ng tubig.

Bahagi rin ito ng mga isinasagawang paghahanda ng Maynilad sa nagbabadyang panahon ng El Niño.

Patuloy ang pakikipag-ugnayan ng lokal na pamahalaan ng Imus sa pribadong sektor para sa tuloy-tuloy na daloy ng tubig sa bawat kabahayan sa Imus.






# Kauna-unahang Sectoral Dialogue para sa mga negosyo sa Imus, idinaos

IMUS Sports Complex — Opisyal nang nag-umpisa ang First Congressman AJ Cup Inter-cluster Basketball Tournament, kalahok ang siyam na clusters sa Imus at ang Team AJAA nitong Abril 22, 2023, sa pamamagitan ng pondong nagmula mismo kay Congressman Adrian Jay "AJ" Advincula, katuwang ang Imus City Sports Development Unit.

Ayon kay Cong. AJ, kung siya ay gagastos, gusto niya itong mapunta sa kapwa niya Imuseño. Isinaad din niya na bagama't pisikal ang larong basketbol, hangad niyang magkaroon pa rin ng respeto ang mga manlalaro sa kanilang kapwa, sa mga coach, at maging sa mga miyembro ng komite.

Binigyang-komendasyon naman ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula si Cong. AJ sa kaniyang inilunsad na programa para mailayo ang mga kabataan mula sa mga bisyo, higit sa pagkalulong sa ipinagbabawal na gamot.

Bukod sa mapayapa at maayos na pagtatapos ng liga, hangad din ni Mayor AA na maging daan ito upang magkaroon ng magandang samahan ang mga kabataang Imuseño.

Dagdag pa ng punong lungsod na maaaring mapasama sa iba pang liga ang mga manlalarong mapatutunayan ang kanilang husay sa larong basketbol.

Bahagi rin ng isinagawang Ceremonial Toss si City Vice Mayor Homer "Saki" Saquilayan, gayon din sina Cong. AJ at Mayor AA.

Naganap din ang Battle of Muse, kung saan hinirang na Best Muse si Rachel Fernandez mula sa Cluster 7.
Sa pagtatapos ng unang tatlong laro, natanggap ng Cluster 6, Cluster 7, at Cluster 1 ang kanilang mga unang panalo kontra sa Cluster 8, Cluster 5, at Cluster 2.

Ang First Congressman AJ Cup Inter-cluster Basketball Tournament ay ang kauna-unahang liga ng basketbol na handog ni Cong. AJ para sa mga kabataang Imuseño.

# Imus Pride 2023, araw ng pagbandera sa pagkakakilanlan ng LGBTQIA+ members



IMUS City Plaza – Makulay, malikhain, at higit sa lahat, makatao ang ginanap na Imus Pride 2023 na pinangunahan ng City of Imus Youth Affairs Office (YAO) nitong Hunyo 17, 2023, bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Pride Month ngayong Hunyo.

Sa temang “Embracing Differences, Celebrating Diversity,” tampok sa selebrasyon ang iba’t ibang aktibidad na nagbibigay-lakas sa mga miyembro ng LGBTQIA+ community na nakakaranas ng araw-araw na diskriminasyon, panghaharas, at pang-aabuso dahil sa kanilang pagkakakilanlan.

Binuksan ng Pride Parade ang programa sa pamamagitan ng pagparada ng mga makukulay na kasuotan at pagkatao ng mga miyembro. Kabilang din dito ang Reyna ng Turismo Cavite Fourth Runner Up na si Ms. Sophia Viray.
Sinundan ito ng Pride Convo, kung saan tinalakay ni Miss Trans Global 2020 Mela Habijan ang kahalagahan ng pagsulong ng Anti-Discrimination Bill upang mawakasan ang diskriminasyon at mabigyan ng pantay na proteksyon ang bawat isa, anuman ang kasarian, pagkakakilanlan, at pagkatao.

Nagpahayag din ng suporta sina Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Atty. Wency Lara, Konsehal Enzo-Asistio Ferrer, Sangguniang Kabataan Federation President Joshua Guinto, Imus YAO Officer-in-charge Jericho Reyes, Acting City Tourism Officer Dr. Jun Paredes, at ang kinatawan ni Congressman Adrian Jay “AJ” Advincula na si Chief of Staff Allen Atienza.

Nagtapos ang gabi sa pagtatanghal ng mga talentadong Imuseño at miyembro ng LGBTQIA+ sa SOGIE (Sexual Orientation, Gender Identity, and Gender Expression) Night.

Bahagi rin nito ang pasiklaban ng mga kalahok ng Wear Ur Pride Costume Contest, kung saan hinirang bilang Top Three Best in Costume sina Resty Siarez, Ris Alday, at Jergens Del Rosario.

Ipinakilala rin ng mga miyembro ang kanilang mga gawang produkto sa Pride Fair.

Naghatid naman ang Imus City Health Office (CHO) ng libreng HIV screening at testing, gayundin ng libreng condom, lubricant, at pills sa pamamagitan ng programang Test Landing on You. Bukas din ang tanggapan nitong Imus Reproductive and Wellness Center para sa mga Imuseñong nais magpa-test.
Dinala rin ng Pilipinas Shell Foundation Inc., ang kanilang Mobile Health and Wellness Caravan at nagbigay ng libreng HIV protection, test, at treatment.

Ang Imus Pride 2023 ay ang ikaapat na taon ng pakikiisa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus para sa pagsusulong ng pantay na pagtingin at karapatan sa mga miyembro ng LGBTQIA+ community. Kasamang sumusuporta sa nasabing adbokasiya si City Mayor Alex “AA” L. Advincula na naniniwalang karapatan ng bawat isa ang mamuhay nang ligtas at payapa, anuman ang kanilang kasarian at estado sa buhay.

# World Environment Day at Philippine Environment Month, ipinagdiwang sa Imus

ANABU I-G, Imus — Sa pagtutulungan ng Environmental Management Bureau, Imus City Environment and Natural Resources Office (CENRO), at Provincial ENRO, nakiisa ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagdiriwang ng World Environment Day at Philippine Environment Month noong Hunyo 5, 2023.

Nagsagawa ang mga naturang tanggapan ng masugid na paglilinis sa Imus River na dumadaloy sa Ragatan, Brgy. Anabu I-G.

Lumahok din dito ang mga pribadong kumpanya na kinabibilangan ng Maynilad Water Services, Inc., WalterMart, at Dalebo Construction and General Merchandise.

Ayon sa Proklamasyon Blg. 237 taong 1988, ang buwan ng Hunyo ay Philippine Environment Month.

Ginugunita naman ang World Environment Day kada taon pagsapit ng Hunyo 5 upang ipaalala sa publiko ang tumitinding krisis sa klima at suliranin kaugnay ng kalikasan at kapaligiran.

Ngayong taon, nakasentro sa temang "No to Waste: Advancing Circular Economy to #BeatPlasticPollution!" ang selebrasyon ng Environment Day.

Matatandaang pinaigting pa ng Pamahalaang Lungsod ang mga programang pangkapaligiran nito sa paglunsad ng Balik Basket at Bayong Program at ang lingguhang paglilinis sa mga daluyan ng tubig.



# 21,884 Imuseñong Chikiting Ligtas sa Dagdag Bakuna Kontra Rubella at Tigdas

IMUS, Cavite — Matagumpay na nagtapos ang programang Chikiting Ligtas sa Dagdag Bakuna Kontra Rubella at Tigdas ng Department of Health (DOH) sa tulong ng Imus City Health Office (CHO) noong Mayo – Hunyo 15, 2023.

Nabakunahan ang 21,884 na batang Imuseñong nasa siyam hanggang 59 na buwang gulang at nakatanggap din ng Vitamin A supplements.

Ayon sa datos, umabot sa 96.59 porsyento ang nabakunahan mula sa aktuwal na bilang na 22,657 batang hindi pa nabakunahan.

Ilan sa mga dahilan ng hindi pagpapabakuna ng natitirang 773 bata ay ang kanilang pagpapakonsulta sa pribadong doktor habang ang iba ay hindi maayos ang lagay ng kalusugan para makatanggap ng bakuna.

Sinang-ayunan din ng DOH Central Office at Regional Office ang pagpapatupad ng programa ng Imus CHO matapos nilang inspeksyunin ang pagbabahay-bahay at ang pagbabakuna sa mga itinalagang vaccination sites sa mga barangay ng Poblacion IV-A, Medicion II-D, at Toclong I-B noong Mayo.

Matatandaang idinaos ang kick-off ceremony ng pinalawak na pagbabakuna kontra Tigdas at Rubella noong Abril 24 sa Imus City Government Center. Pinangunahan ito nina City Mayor Alex “AA” L. Advincula, City Vice Mayor Homer “Saki” Saquilayan, Committee Chairperson on Health Konsehal Enzo-Asistio Ferrer, at City Health Officer Dr. Ferdinand Mina.

Kabilang ang Pilipinas sa 10 bansang may pinakamaraming bilang ng mga batang hindi pa nababakunahan simula nang sila ay isilang. Upang masolusyonan ito, inilunsad ng DOH ang malawakang pagbabakuna kontra polio, tigdas, at rubella sa bansa sa buong buwan ng Mayo.

Layunin nito na protektahan ang mga batang nasa 0 hanggang 59 na buwang gulang mula sa mga naturang sakit.

Nakasisiguro naman ang mga magulang na ang bakunang ibinibigay sa kanilang chikiting ay ligtas at epektibo. Dumaan ang mga ito sa masusing pag-aaral at pagsusuri bago ilabas sa publiko.

Kaisa rin si Mayor AA sa pagsulong ng isang malusog na lipunan sa pamamagitan ng mga hakbanging makatutulong upang makaiwas ang mga bata mula sa mga mapanganib na sakit.



# Flag-burning ceremony, pinangunahan ng Imus LGU




IMUS Heritage Park — Binigyang pugay ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa huling pagkakataon ang tatlong watawat ng Pilipinas na natapos na ang paninilbihan bilang simbolo ng kalayaan ng bansa nitong Hunyo 11, 2023.

Sa pakikipagtulungan ng Imus City Tourism and Heritage Office sa Boy Scouts of the Philippines at sa Girl Scouts of the Philippines, pinangunahan nina City Vice Mayor Homer Saquilayan, Committee Chair on Tourism Konsehal Jelyn Maliksi, City Administrator Tito Monzon, at Acting City Tourism Officer Dr. Jun Paredes ang seremonya ng pagsusunog ng watawat.

Bago isagawa ang naturang seremonya, itinaas muna ang mga watawat at hinayaang magwagayway sa kahuli-hulihang pagkakataon.

Kasabay ng pag-awit ng kantang "Pilipinas Kong Mahal," ibinaba ng Imus Scouting Council ang mga watawat.
Ipinaliwanag naman ni City Administrator Monzon ang kahalagahan ng watawat ng Pilipinas habang nagbigay ng mensahe si City Vice Mayor Saquilayan bilang huling parangal sa watawat ng Pilipinas.

Nanguna naman ang Key Administrator ng Girl Scouts of the Philippines na si Imus Council Zenaida Lacson sa pagbigkas ng "Panunumpa sa Watawat ng Pilipinas."

Matapos ang seremonya ng pagsusunog, pinangasiwaan ng Philippine National Police Imus ang paglalagay ng abo ng mga watawat sa isang urna at inilibing sa tabi ng monumento ni Inang Laya.

Saksi rin dito ang Department of Education Schools Division Office Imus at ang Imus City Information Office.

Alinsunod sa Section 14 ng Republic Act No. 8491 o ang Flag and Heraldic Code of the Philippines, ang mga luma, kupas, at punit na watawat ng Pilipinas ay nararapat na bigyan ng huling papugay sa pamamagitan ng mapitagang seremonya ng pagsusunog sa pambansang watawat ng Pilipinas o flag-burning ceremony.

## CLUSTER 9, KAMPEON SA 1ST CONGRESSMAN AJ CUP INTER-CLUSTER BASKETBALL TOURNAMENT

IMUS Sports Complex — Tagumpay ang Cluster 9 na masungkit ang kampeonato sa Game 3 ng First Congressman AJ Cup Inter-Cluster Basketball Tournament Championship noong Hunyo 11, 2023.

Sa puntos na 86-79 kontra Cluster 1, bumawi ang koponan matapos mabigong makuha ang kampeonato sa Game 2 noong Hunyo 10 sa puntos na 84-92. Una nang nakapagtala ng panalo ang Cluster 9 nang makapuntos ng 89-82 sa Game 1 noong Hunyo 9.

Bukod sa tropeo, nag-uwi rin ang koponan ng P100,000 handog nina City Mayor Alex “AA” L. Advincula at Congressman Adrian Jay “AJ” Advincula. Kinilala ring Finals Most Valuable Player ang kanilang manlalaro na si Dave Areno.

Nakatanggap naman ang Cluster 1 ng P70,000 bilang second placer, ang Cluster 2 ng P40,000 na nakuha ang ikatlong puwesto matapos harapin ang Cluster 6, na nag-uwi ng P20,000, noong Hunyo 10 sa puntos na 85-81.

Katuwang ang Imus City Sports Development Unit, ang naturang basketball tournament ay bahagi ng mga serye ng paligsahang hatid ng First Congressman AJ Cup Inter-Cluster Tournament.

Layunin nito na tumibay pa ang samahan ng mga Imuseño at mailayo ang mga kabataan mula sa masamang bisyo sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga palaro gaya ng basketbol.

Buong suporta rin ang ibinibigay ni Mayor AA upang malinang pa ang kasanayan at talento ng mga Imuseño sa larangan ng sports.




## EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Elai Lardizabal
Ron Diaz

**Photo Credits:**
City Information Office
City Tourism and Heritage

IMUS CIO CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, Imus City Government Center,
Imus Boulevard, Malagasang I-G,
City of Imus, Cavite


